DENR MIMAROPA
RECORDS SECTION
RECEIVED

MAR 06 2023

☐ INCOMING ☐ OUTGOING ______
BY: ________ DATS NO. ______
TIME:

February 22, 2023

**LORMELYN E. CLAUDIO, CESO IV**
**Regional Executive Director**
**DENR MIMAROPA**
**DENR by the Bay Bldg.**
**3rd floor, 1515 Roxas Boulevard**
**Brgy. 668, Ermita, Manila**
mimaroparegion@denr.gov.ph

**Dear Madam Claudio,**

Good day!

Sumulat ako sa inyong tanggapan tungkol sa Lot 344 at Lot 347 na mayroong usapin patungkol sa boundary conflict noong pang 2017 hanggang kasalukuyan sa tanggapan ng Barangay Balansay.

Nais kung hadlangan ang anumang proseso para sa approved plan patungkol sa Lot 344, at 347 na aking katabing lote na nakapangalan kina Patricia Collantes at Romina Bilon sa Sitio Lagundian, Barangay Balansay, Mamburao, Occ. Mindoro na may Cadastral Survey No. CA 1296-D, CASE 9.

Nais kung ipaabot alam sa inyong tanggapan na nagpunta sa aking tahanan sina Mrs. Collantes at Eric Custodio na Surveyor ng CENRO kasama si Mr. Tony Estigoy na care taker ni Mrs. Collantes noong nakaraang taon at may dalang kasulatan na nagdodonate siya sa akin lupa at hindi ako sumag-ayon dito, dahil wala siyang karapatang mag donate na wala naman siyang pinanghahawakang anumang katibayan na pagmamay-ari ng lupa. Sinabi niya sa akin na kahit mali daw ang sukat ng DENR ay kukuhanin niya ang kanyang titulo.

Nais ko din ipaabot alam sa inyong tanggapan na napag-alaman ko din na itong si Mr. Recio ay nagpapaayos ng Approved plan sa CENRO Land Management na wala naman siyang posisyon o pangalan sa mga applicant sa Sitio Lagundian, Barangay Balansay Mamburao na magiging sanhi ng kaguluhan sa hinaharap.

Napag-alaman ko din na tatlong beses na daw nagsukat ang DENR-CENRO sa Sitio Lagundian, Barangay Balansay na wala naman sumasang-ayon sa kagustuhan nilang mabago ang unang survey na approved noong February 16, 2016 (Survey No. 1296-D Case-9). Kung maari po sana na mapaimbistigahan ang usaping ito.

Dahil sa problemang kinakaharap ng lahat ng nakaposisyon, hinahadlangan ko ang anumang proseso o hanggat maari ay maikansela ang anomang pag-aapply ng dokumento patungkol sa approved plan nina Gng. Patricia Collantes, at ang magkapatid na Allan at Arnel Recio (diumano na mayroong posisyong lupa ) at Gng. Romina Bilon na magiging sanhi ng kaguluhan at lalo't higit na magtatagal ang pag-issue ng mga titulo sa mga kasalukuyang nakaposisyon.

Umaasa po ako sa inyong maagap na pagtugon. Maraming Salamat po.

Gumagalang

**ROMAL C. TRIA**
09368043483